Perspectives in the Arts and Humanities Asia

Volume 10
Number 1
Sintang Dalisay

Article 8

1-1-2020

Sintang Dalisay: Bersiyong Pampitong Aktor at Tatlong Musikero

Guelan Varela-Luarca
Ateneo de Manila University, mluarca@ateneo.edu

Ricardo G. Abad
Ateneo de Manila University, rabad@ateneo.edu

Follow this and additional works at: https://archium.ateneo.edu/paha

Recommended Citation

Varela-Luarca, Guelan and Abad, Ricardo G. (2020) "Sintang Dalisay: Bersiyong Pampitong Aktor at Tatlong Musikero," *Perspectives in the Arts and Humanities Asia*: Vol. 10: No. 1, Article 8.
Available at: https://archium.ateneo.edu/paha/vol10/iss1/8

This Text and Document is brought to you for free and open access by the Ateneo Journals at Archīum Ateneo. It has been accepted for inclusion in Perspectives in the Arts and Humanities Asia by an authorized editor of Archīum Ateneo.

Performance Text

Sintang Dalisay, as reproduced below, is the performance text written by Ricardo Abad and Guelan Luarca for particular performance runs in Belarus, Eastern Europe, and around Asia, in Taipei, Hanoi, Sabah, and Penang. It is based on the *awit*, or metrical romance, by G. D. Roke, *Ang Sintang Dalisay ni Julieta at Romeo*, and the Filipino translation of Shakespeare's *The Tragedy of Romeo and Juliet* by Rolando Tinio, *Ang Trahedya ni Romeo at Julieta*.

Ang Sintang Dalisay ni Julieta at Romeo by Roke was a popular Tagalog awit in 1901. It loosely follows the plot of Shakespeare's play, although Judy Celine Ick observes that, in this awit, a "significant portion of the text takes the form of moralizings on the evils of violence or philosophizing about the nature and power of love. What in Shakespeare's play is a relatively simple street brawl that begins the play, for instance, is in this version a close to twenty page battle."[1]

Tinio, in *Ang Trahedya ni Romeo at Julieta*, follows more faithfully Shakespeare's play, but even here he takes liberties in changing particular lines to capture Shakespeare's intentions rather than the literal translations of each phrase. An example of these translations is demonstrated by Jonathan Chua in his introduction to the 2015 edition of Tinio's book. Chua lauds the translations, claiming that Tinio has made Shakespeare better understandable to Filipinos without having to resort to footnotes regarding every other phrase.[2]

---

1 Judy Celine Ick, "Unknown Accents, Unborn States," in "REWOR(L)DINGS: Contestations and Reconfigurations in the Literatures and Cultures of the Asia Pacific Region," special issue, *A Journal of English Studies and Comparative Literature* (2015): 295, https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/jescl/article/view/4784/4317.

2 Jonathan Chua, "Introduksiyon," in *Ang Trahedya ni Romeo at Julieta,* by Rolando Tinio (Pasig: Anvil, 2015), xiii.

In the preface of this issue, Abad describes the act of writing the performance text as the "intertexting" of Roke and Shakespeare in translation: "Roke gave us the poetry; Shakespeare in translation [particularly by Tinio] gave us dramatic structure." In addition, the text and its performance draw from Muslim culture, making use of the *igal* dance tradition of the Sama Bajau and *kulintang* music. In this performance text—Romeo is Rashiddin, Juliet is Jamila, the Montagues are from the Mustapha clan, and the Capulets from the Kalimuddin. Many scenes from Shakespeare's play are recognizable here: a street brawl between the clans stopped by the Lakambini ng Semporna (the Lady of Verona), the pining for Rosmawatti (Rosaline) replaced by a pining for Jamila when Rashiddin sees her at a celebration, the declarations of love at the balcony, the marriage performed by an Imam (an Islamic holy man rather than the Priest), the brawl between the men of two houses (Mercutio and Tybalt as Binatang Mustapha and Binatang Kalimuddin), the exile of Rashiddin, the demands for poison, and the death scene. The play, however, ends not with an exhortation by the Lakambini to the warring clans but by song and prayer led by the Imam. In the play's final moments, the lovers rise together from their repose in death with wings at their backs to rejoice in heaven.

Sintang Dalisay is reproduced here with the permission of the writers, Guelan Varela-Luarca and Ricardo Abad, who, with Matthew Santamaria, also provide an English translation of this abridged performance text. Emendations to the text have been limited to the accidentals and to format.

BIBLIOGRAPHY

Chua, Jonathan. "Introduksiyon." In *Ang Trahedya ni Romeo at Julieta*, by Rolando Tinio, iv–xv. Pasig: Anvil, 2015.

Ick, Judy Celine. "Unknown Accents, Unborn States," in "REWOR(L)DINGS: Contestations and Reconfigurations in the Literatures and Cultures of the Asia Pacific Region," special issue, *A Journal of English Studies and Comparative Literature* (2015): 291–4. https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/jescl/article/view/4784/4317.

Guelan Varela-Luarca at Ricardo G. Abad

Sintang Dalisay

Bersiyong pampitong aktor at tatlong musikero

Halaw sa balangkas nina Ricardo G. Abad at Guelan Varela-Luarca, mula sa awit ni G. D. Roke na *Ang Sintang Dalisay ni Julieta at Romeo* (1901) at ng saling-Filipino ni Rolando S. Tinio ng *The Tragedy of Romeo and Juliet* ni William Shakespeare.

MGA TAUHAN

- Rashiddin
- Jamila
- Tagapagsalaysay / Imam / Datu Pian-Dao
- Koro 1/Badaw1 / Multo
- Koro 2/Gng. Kalimuddin/Mananayaw
- Koro 3/Binatang Kalimuddin/ Mambabarang/Multo
- Koro 4/Lakambini / Dalagang Kalimuddin / Rosmawatti
- Mga Musikero, minsang gaganap bilang mga TAUMBAYAN, MENSAHERO, atbp.

TAGPO

Mangyayari ang dula sa Semporna at Dapitan, dalawang likhang-isip na pamayanang Muslim sa arkipelago ng Sulu. Panahon: sa malayong nakaraan.

I
Pagtawag sa Tanghalan

Papasok ang TAGAPAGSALAYSAY kasama ang iba pang KORO at MUSIKERO upang simulan ang dula. Napakarituwalistiko; ilaw at anino; hampas at mapipintig na tunog upang ipahiwatig ang mga pagbabasag-ulo sa Semporna.

TAGAPAGSALAYSAY
(Sa saliw ng musika. Pakanta.)
Tagnaan ta, Bismillah!
Ta'y magsimula sa ngalan
ng Maykapaaa-aaa-aaal!

Isalaysaaaaaaaaaaay!
Ang kasaysayan ng Sintahang
Dalisaaaaaaaay!

KORO AT MGA MUSIKERO
(Pakanta.)
Isalaysaaaaaaaay!
Rashiddiiiiiin!
Jamilaaaaaa!

TAGAPAGSALAYSAY
May dalawang tiyan!

RASHIDDIN AT KORO 1
Mustapha!

JAMILA AT KORO 2
Kalimuddin!

TAGAPAGSALAYSAY
Na di magkahinlog
Ang pag-iibigan,
malinaw na lugod,
Kap'wa nilang anak
nag-alay pag-irog
Doo'y nagsitubo sa
yaman ay tampok.

Ngunit nang dumating,
'pagkat karaniwan,
Tamis, umaasim, ng pag-iibigan.

RASHIDDIN
Patalim!

JAMILA
Galit!

KORO 1 (bilang BADAWI)
Humanda't magbunot
at kitang maglaban!

KORO 3 (bilang TAUPAN)
Pula ng sa ati'y lumampas
ang tunay! Alisto ka,
duwag! (Maglalaban.)

KORO AT MGA MUSIKERO
(bilang TAUMBAYAN)
Pabagsakin ang mga Kalimuddin!
Pabagsakin ang mga Mustapha!

Titindi ang labanan, at paglalahukan ng lahat. Biglang lilitaw ang KORO 4 bilang LAKAMBINI.

BADAWI AT TAUPAN
Ang Lakambini ng Semporna!

KORO 4 (bilang LAKAMBINI)
Mustapha! Kalimuddin!
Patalim sa lupa'y itapon!

Ang nasa kaluban,
dapat nang inamag,
Nabunot nang sumpang
dugo ay magkalat.
Ngunit siya ninyong
kamaliang hangad
Sa kamukhang lahi ng
angkan, isalag.

Magsihimpil!
Sa sumuway: Kamatayaaaaaaan!

Lalabas ang LAKAMBINI. Huhupa ang kapuwa panig, ngunit maiiwan sina RASHIDDIN at JAMILA, nahuhumaling sa dikit ng isa't isa. Magpapatuloy ang TAGAPAGSALAYSAY.

TAGAPAGSALAYSAY
(Uulitin ang linya.)
Ang pag-iibigan,
malinaw na lugod,
Kap'wa nilang anak
nag-alay pag-irog
Doo'y nagsitubo sa
yaman ay tampok.

Gagawin nina RASHIDDIN at JAMILA ang sayaw ng pagpapatiwakal, at magwawakas kay JAMILA na lumalabas o kaya'y dinadala palabas ng MGA KORO. Haharap ang TAGAPAGSALAYSAY sa mga manonood.

Ang abang landasin ng
sintahang natakda sa hukay
At ang pananaig ng poot
ng mga magulang
Na napawi lamang nang
magbuwis sila ng buhay,
Ang paksa ng higit isang
oras natin sa panooran!

Ang tagpo, ang bayan
ng Semporna?
Alhumdullilah!

KORO AT MGA MUSIKERO
Allahu akbar!

II
PAGHIHINAGPIS NI RASHIDDIN

Kakapal ang himig ng kulintangan, musikang nagdiriwang. Papasok muli ang KORO 4 bilang si ROSMAWATTI, na gumigiling-giling wari'y nang-aakit. Hinahabol siya ni RASHIDDIN. Sila'y maghahabulan, panay pagsenyas ng pagdusta si ROSMAWATTI sa pagsuyo ni

RASHIDDIN. Papasok pagkuwan ang KORO 1 bilang BADAWI, pinagtatawanan si RASHIDDIN kasama ng MGA MUSIKERO.

RASHIDDIN (Malungkot.)
Ay, Rosmawatti!

BADAWI AT MGA MUSIKERO
(Pakutyang ginagaya si RASHIDDIN.)
Ay, Rosmawatti! Ha, ha, ha!

BADAWI
E ano kaya'ng sanhi ng
kalungkutan ni Rashiddin?

MGA MUSIKERO
Pag-ibig!

BADAWI
Naku! Walang—

BADAWI AT MGA MUSIKERO
Maibig! Ha, ha, ha!

RASHIDDIN
Walang pag-ibig yaong naiibigan!

BADAWI AT MGA MUSIKERO
(Kinukutya ang pagdaramdam ni RASHIDDIN.)
Ooo!

RASHIDDIN
Kailanma't idaing dalita't himutok
Ng pusong may-tiis ng
sintang tunod,
Siya pa ri'y walang
ibang sinasagot
Kundi katimpian at
mahapding kilos!

BADAWI AT MGA MUSIKERO
Aruuuy! Ha, ha!

BADAWI
Rashiddin, limutin mo na!

RASHIDDIN
Ay, paanong makakalimutang
mag-isip?

BADAWI
Bayaang gumala ang
iyong mga mata!

Babaling si BADAWI sa MGA MUSIKERO upang humingi ng suporta para papuntahin si RASHIDDING sa piging.

BADAWI
Mga kaibigan! (Makikinig ang lahat.) Dili n'yo ba alam,
nagkataon ngani, sa
araw ng antak
sa kay Kalimudding
palasyo'y may gayak
piging na ugaling kulang
sa magdamag! (Masasabik ang KORO at MGA MUSIKERO.)

Sayawang malaki ang
puyatang tatag
at may balatkayong

sari-saring bikas!
(Kay RASHIDDIN.) Rashiddin!
Samo ko, pumunta ka—
Tunghayan ang ibang marikit.

BADAWI AT MGA MUSIKERO
Punta na! Punta na!

RASHIDDIN (Pagkatapos mag-isip.)
Ganyan ang paraan
Upang lalong maalala ang
pambihira niyang ganda.

BADAWI
Dadalo si Rosmawatti . . .

Gagayahin ni BADAWI ang pagsasayaw ni ROSMAWATTI. Una'y hindi mamamansin si RASHIDDIN, ngunit paglao'y mapapapayag at makikitawa na rin.

RASHIDDIN
O s'ya, s'ya! Sasama ako,
wala mang makitang iba
Kundi ang sukdol-ganda
ng dating sinta . . . Ay,
Rosmawatti! (Lalabas.)

BADAWI (Sa MGA MUSIKERO.)
Rosmawatti! Pffft!

III
Pamamanhikan ni Datu Pian-Dao

Papasok ang TAGAPAGSALAYSAY.

TAGAPAGSALAYSAY
Sa Lakambalay ng
Angkang Kalimuddin!

Magpapalit siya ng damit bilang si DATU PIAN-DAO, at si KORO 1 ay magbibihis din bilang ALALAY, na papayungan siya saan man siya pumunta. Mag-aabang sila sa isang banda.

KORO 2
(bilang GNG. KALIMUDDIN. Maglalakad-lakad sa entablado, hinahanap si JAMILA.)
Jamilaaaa! Jamilaaaaa!

KORO 4
(bilang DALAGANG KALIMUDDIN)
Jamilaaaa! Jamilaaaaa!

GNG. KALIMUDDIN (Sa KORO.)
Nasaan si Jamila?

DALAGANG KALIMUDDIN
Jamilaaaa! Jamilaaaa! (Mahahanap si JAMILA kasama ng MGA MUSIKERO.)
Ay, tuhan ku! Jamila, tawag ka!

GNG. KALIMUDDIN
Jamilaaaaaa!

Aalis si JAMILA sa lugar ng MGA MUSIKERO at lalapit sa kanyang ina.

Turan mo, Jamila,
Di pa kaya sungaw sa buko
mong loob ang pag-aasawa?

Gulilat si JAMILA, pati ang ibang KORO at MGA MUSIKERO.

JAMILA
Pag-aasawa?

KORO AT MGA MUSIKERO
Pag-aasawa?

GNG. KALIMUDDIN
Hinihingi ng magiting
na Datu Pian-dao
Ang iyong kamay. Ikaw
ang napipisil niya.

JAMILA
Datu Pian-dao?

KORO AT MGA MUSIKERO
Datu Pian-dao?

Papasok ang TAGAPAGSALAYSAY bilang si DATU PIAN-DAO, may dalang napakaraming mga bulaklak.

GNG. KALIMUDDIN
Datu Pian-dao! (Yuyukod siya sa DATU.)

DALAGANG KALIMUDDIN
(Kay JAMILA.)
Isang maharlika, binibini
Para siyang bulaklak—
naku, totoong bulaklak!

Iiling si JAMILA, wari'y hindi natutuwa. Pagkuwan kakandi-kandirit si DATU PIAN-DAO papunta sa kanya, mag-aabot ng bulaklak. Tatanggapin ni Jamila ang bulaklak bilang pakitang-tao.

GNG. KALIMUDDIN
(Kay DATU PIAN-DAO.)
Ngayong gabi, maghahandog ako
Ng isang kinaugalian
nang pagpipistahan
Kausapin siya, kapag pinili ka
sa maraming manunuyo,
Ayon ako nang walang
pagbabantulot.

Yuyukod sila nang maseremonya sa isa't isa, pagkuwa'y kakandirit ang DATU patungo kay JAMILA, at hahagkan ito sa kanyang kamay.

GNG. KALIMUDDIN
(Pagpapatuloy.)
Tara na, Jamila!

IV
Pagsasayaw ng mga Bituin

Papasok ang buong KORO at maghahanda sa piging; magsusuot sila ng maskara. Papasok si RASHIDDIN, at itutulak ni BADAWI sa gitna ng sayawan. Makakaparis niya ang KORO 4 bilang si ROSMAWATTI, ngunit muli siyang ipagtatabuyan nito. Itutulak niya si RASHIDDIN, na mahuhulog sa may paanan ni JAMILA. Magkakatinginan sila, magkakahulugan ng loob sa isa't isa. Malapit na silang maghalikan hanggang may MUSIKERONG hahampas nang malakas sa isang gong.

GNG. KALIMUDDIN
Simulan ang Sayaw
ng mga Bituin!

Magdiriwang ang KORO, at magsisimula ang sayaw. Aagawin ni DATU PIAN-DAO ang kamay ni JAMILA, habang si RASHIDDIN mapipilitang makaparis si ROSMAWATTI. Magbabago ang musika at magpapalitan ng kapares. Magtatakbuhan sina JAMILA at RASHIDDIN sa isa't isa. Lalamlam ang tugtugin. Mabibigyan ng pagkakataon ang magkasing na lasapin ang isang lingid na pagkakataon habang maglalaho ang buong Semporna sa kinang at tanglaw ng kalangitan. Magpapatuloy ang sayaw. Natapos ang sayaw. Humiwalay sina RASHIDDIN at JAMILA sa iba.

JAMILA
Ginoo, mapalad ang oras,
Pagkalapit nati't kamay,
nagkahawak

RASHIDDIN
O tala ng dikit!
Sadyang minarapat
sa iyo'y malapit.

JAMILA
Oo at sapagkat
Kamay kong kaliwa sa
sandaling oras,
Papag-iinitin ng iyong paghawak
Sa busal ng gabing
lamig, kumakalat.

Subok na hahalikan ni RASHIDDIN si JAMILA. Mauudlot. Papasok sina GNG. KALIMUDDIN at TAUPAN.

GNG. KALIMUDDIN
Jamila!

Yuyukod si JAMILA sa kanyang ina. Si KORO 3, bilang TAUPAN, ay palabas na rin pero hihinto nang malasin niya si RASHIDDIN. Lalapit siya.

TAUPAN

Rashiddin Mustapha! (Katahimikan.)
Namukhaan kita.
Sa susunod, hindi na
kita patatawarin.

Titigil si JAMILA sa paglabas. Haharap sa mga manonood.

JAMILA (Pabulong.)

Mustapha?

Lalapit si JAMILA kay RASHIDDIN ngunit haharangin siya ni TAUPAN at uutusan siyang lumabas. Susundin ni JAMILA. Si TAUPAN, titingin nang matalas kay RASHIDDIN at bibigyan siya ng isang kilos-pagbabanta bago lumabas ng tanghalan. Maiiwang mag-isa si RASHIDDIN.

RASHIDDIN

Aaaaaaaaaaaaaaaay!
Kapalaran! Hawak ng
kaaway ang aking buhay!

Mula ngayo'y sa iyo
sumpa ko't asahan
Sa mahal mong yapak,
dapa ako't laan,
Utos mo ay batas,
tupdin ko't igalang,
At ako ang lihim ng
iyong kariktan!

Jamilaaaaaaaaa!

V
PAGDIDIGAHAN SA DUNGAWAN

Lilipas ang panahon habang sinusubukan ni RASHIDDIN na akyatin ang mga pader ng lakambalay ng mga Kalimuddin, na ipapahiwatig ng tatlong banig sa entablado. Papasok ang KORO 1, 2, 3, at 4 at uupo habang ipinapaalam sa manonood ang paglipas ng panahon. Susunod si RASHIDDIN at ipapakita sa sayaw ang hirap ng pagsusuyo kay JAMILA.

KORO 1

Madaling araw!
Ano pa't sa tabing ng
gabi, pagsikat
Ng masayang araw ang
unang banaag,
Sing-ibig, tindig na't
nasungaw sa malas
Kahit sumandaling
humimlay magdamag.

KORO 2

Umaga!
'Pagkat magkalapit,
bahay na tahanan,
Sinta'y alaga na sa mata
man lamang.
Ito nga ang aliw, di
dapat pagtakhan
Sa nagkakaisa ng sa puso't isipan.

KORO 3

Hapon!
Sa pagayong anyo, oras, lumilipas
At walang bahala sa
iba pang sukat,
Siya rin at siya'ng araw-araw agap,
Palibhasa'y pita ng
pagsintang lapat.

KORO 4

Takipsilim!
Rashiddi'y naro'n na
at paligid-ligid,
Tapat ng tahanan ni
Jamilang ibig.

KORO 1

Gabi!
Sa linaon nito sa gabing
maningning,
Liwanag ng buwan,
pinilakan man din,
Rashiddi'y nangahas
pumasok sa hardin,
Paris din ng dating
panganib, di-pansin.

Pagkuwan, makikita si JAMILA mula sa dungawan. Masisilayan sa anino ng gabi si RASHIDDIN.

JAMILA

Rashiddin! Bakit,
Dito, iisa ka sa gabing tahimik?

RASHIDDIN

'Pagkat inihatid ng di-
makatangging sinta't pag-ibig.

JAMILA

Rashiddin! Rashiddin!
Bakit di iningatan,
buhay na sigalot
Kung balak tamuhin ang aking
pag-irog?

RASHIDDIN

Huwag ipanganib
Kanitang magulang
ng pagkakaalit,
Kung ito'y liyab man,
ang sinta ta'y tubig,
Magiging pamatay ng
silakbong bangis.

GNG. KALIMUDDIN
(Mula sa loob ng bahay.)

Jamila!

JAMILA

Paalam. Hanggang sa muli.

RASHIDDIN

O Jamila! Nasaan ang habag
Sa giliw mong abang
dito'y nangangatag?
Di mo man alam,

May iba pang lunas na
dapat pakamtan.

JAMILA

O Rashiddin!
Pag-ibig sa iyo'y pag-
ibig ng anghel
Sa kaniya'y lumikhang,
walang makahambing.
Sa iyo ang tulot kong sa
bintana'y manhik,

Lagi ng paggiliw sa akin ma'y isip,
Ngunit n'yaring puri
ay minamatamis,
Bangkay kung lumampas
sa hinahong guhit.

At yamang sa gayo'y
munting kumulimlim,
Sikat ng sintahang laong
maluningning
Mula ngayon, ang iyong
buhay sa hilahil,
Ilayo't ang dating parito'y limutin.

Ipipinid na ni JAMILA ang bintana, ngunit aabutin ni RASHIDDIN ang kanyang kamay, akmang siya'y pinipigilang umalis.

RASHIDDIN

O Jamilang sinta ng pagliyag,
Layo sa gunita, puso
mo'y sumugat.
Ngunit sa puri mo, kung
yao'y kamandag,
Antay ko ang iyong
parusa o tawad.

Dusa mo'y dusa kong sa
dusa ko'y sakdal,
Palibhasa, ikaw ang tali ng buhay.
Tuwa mo ay tuwa ko,
pa'nong di-ilagan
Ang ikalumbay mo,
kahit sagi lamang?

Ay hirap aba ko! Kung
iyong patulan
Ang sapantaha mong di
ko gunam-gunam,
Anhin pa ang buhay
sa lupang ibabaw
Kung ikaw, di akin;
ako'y kalabisan.

JAMILA

O Rashiddin!
Puso ko ay iyo, at di-maaagaw
Ng iba pa't sinong sa
kanya hihirang,
'Pagkat ang pagsintang
tunay, isa lamang.

Kaya kung di iyo, tungkol
nang libingan.
Kung inip ka'y sundin
At ngayo'y tulot ko ang
sa pusong hiling,
Palad ko't palad mo'y sa
altar daupin. (Hinto.)

RASHIDDIN

Kung gayon, ganapin bukas din.

GNG. KALIMUDDIN
(Mula sa loob ng bahay.)
Jamila!

JAMILA
Kung makipag-isang
dibdib ang iyong balak
Iaalay ko lahat ng
aking kayamanan
At susundan kang panginoon
sa buong sanlibutan
Bukas, ganapin natin bukas.

GNG. KALIMUDDIN
Jamila!

Papasok na si JAMILA sa loob, at papanaog na si RASHIDDIN mula sa bintana nang bigla siyang bumalik.

JAMILA
Rashiddin!

RASHIDDIN
Mahal ko?

JAMILA
Nalimutan ko na kung
bakit kita tinawag.

RASHIDDIN
Bayaan ako rito habang
ginugunita mo.

JAMILA
Lalo kong lilimutin. (Hinto.)
Kaya paalam, paalam.

Tuluyan nang pagpasok sa loob at ipipinid ang bintana.

RASHIDDIN
"Lalo kong lilimutin . . ."
Ahaaay!!!

Mapapasayaw si RASHIDDIN sa lubhang katuwaan, habang magsisimula ang kasunod na tagpo—lalabas ang dalawang KORO at maiiwan ang TAGAPAGSALAYSAY na gaganap bilang IMAM.

VI
Ang Pag-iisang Dibdib nina Rashiddin at Jamila

Madaling-araw, kinakanta ng IMAM ang kanyang dalanging pang-umaga. Papasok si RASHIDDIN, at aabalahin ang IMAM sa kanyang rituwal.

RASHIDDIN
Magandang umaga, Imam!

IMAM
Kay aging tinig at kay tamis
ng bati! (Makikita si RAHIDDIN.)
Ni hindi pa sumasayad sa
higaan ang likod ni Rashiddin.

RASHIDDIN
Iyan ang totoo! Kay tamis ng
aking naranasan!

IMAM (Gulat.)
Ni ampun ka ni Tuhan! Kapiling
ba si Rosmawatti?

RASHIDDIN
Rosmawati!? Pfff!
Nakalimutan ko na'ng
pangalang iyon.
Alaming nauukol ang pag-ibig ko
Sa marikit na anak na dalaga
ng mayamang si Kalimuddin!

IMAM
Kalimuddin? *Tuhan ku*!

RASHIDDIN
Ang inuukol ko sa kanya,
inuukol din sa akin
Kaya't pinakikiusap ko
Na pumayag kayong ikasal
kami ngayon mismo—

IMAM
Anong pagbabago ito?
Ang daming asin ang umagos sa
iyong pisngi para kay Rosmawatti!
Umaalingawngaw pa rin
sa aking taynga ang pag-
uungol mo at daing noon.
At nagbago ka ba?

RASHIDDIN
Huwag akong kagalitan.
Ang iniibig ngayon,
Tumutugon sa bawat
sakdal ng puso.
Hindi katulad niyong una.
—Rosmawatti—pfffsh!
(Mapapatahimik bigla ang IMAM.) Imam?

IMAM (Sa kanyang sarili halos.)
Sa bala-balaking usapang mairog,
Hindi nawawala't
laging nakaungos
Ang paraang sukat na malalambot
Sa kanilang kapuwa
magulang na loob.
Rashiddin! Tara!

Papasok si JAMILA. Tatakbo si RASHIDDIN kay JAMILA upang halikan siya at tatakbo palayo si JAMILA. Maghahabulan. Aawatin sila ng IMAM at dadalhin ang dalawa sa moske. Doon, kakanta ang IMAM habang ikinakasal sila.

IMAM (Kakantahin habang ikinakasal sina RASHIDDIN at JAMILA.)
Hunna libasun lakum wa
Untum lubasun lahun na
Damit mo ang iyong asawa
Ikaw nama'y damit din niya . . .

Pagkatapos ng kasal, lalabas sina RASHIDDIN at JAMILA. Sariling aayusin ang damit pang-IMAM ng TAGAPAGSALAYSAY at haharap sa mga manonood.

TAGAPAGSALAYSAY
Gaya ng sinapit,
dalawang simpalad:

Nang anyong ang tuwa
sa puso'y mag-ugat,
Ang lason sa buhay,
sunod na lumagak
Sa busal at hanggang, sa
sidhi nautas. (Lalabas.)

Interludyo

Sa puntong ito, papasok si BADAWI at ang MGA MUSIKERO, nag-iingay at kumakanta ng isang awit na may patama sa mga Kalimuddin. Kasama sa kanta ang mga insulto sa angkan ng mga Kalimuddin, lalong-lalo na kay TAUPAN. Papasok si TAUPAN. Maririnig niya ang patama sa kanya. Magagalit.

VII
Pagtatapon kay Rashiddin

Papasok si TAUPAN at magbubunot ng kris. Mapapatahimik ang MGA MUSIKERO, tensiyonado. Magbubunot na rin si BADAWI.

TAUPAN

Badawi!
Ngayon ay batid kong
mahal mong sundang,
Pumatol sa dukha'y
nauukol lamang,
Humanda't magbunot
at kitang maglaban
Pula ng sa ati'y lumampas
ang tunay.

BADAWI (Marahan.)

Sa sapantahan mo,
ito ang dahilan,
Kaya ang patalim
muling ikaluban,
At ako'y tulungan, payapa'y ibigay
Sa nangadidimlan sa
udyok ng away.

TAUPAN

Nakahugot na, kapayapaan
pa'ng salita?
Galit ako sa salitang iyon, gaya
ng galit ko sa impyerno,
Sa lahat ng Mustapha, at sa'yo—
Alisto ka, duwag!

Maglalaban sila. Papasok si RASHIDDIN; makikita'ng pagbabasag-ulo.

RASHIDDIN

Magtigil kayo! Ipinagbabawal ng
Lakambini ang ganitong gulo!

Magpapatuloy ang away. Mamamagitan si RASHIDDIN. Nakaumang ang mga ginoo nang nakaharang si RASHIDDDIN.

Hahagibis si BADAWI. Pipigilan siya ni RASHIDDIN. Masasaksak ni TAUPAN si BADAWI. Katahimikan. Susuray pababa ng entablado si BADAWI, nakakunyapit sa kanyang sugat. Lalapitan siya ni RASHIDDIN.

BADAWI
Ano bang pagbibigay
at pagpaparaya!
Ginawa mo 'kong pakain
ng mga bulate.

Mamamatay si BADAWI. Nananaghoy, daramputin ni RASHIDDIN ang kanyang patalim saka dadaluhong kay TAUPAN.

RASHIDDIN
Tampalasaaaaaaaaan!

Maglalaban sila. Sa wakas, mauutas ni RASHIDDIN si TAUPAN. Tatakas na sana si RASHIDDIN, ngunit mahaharangan ang kanyang daan ng pagdating ng LAKAMBINI, kasunod ni GNG. KALIMUDDIN. Tumataghoy na hahagkan ng ginang ang bangkay ni TAUPAN.

LAKAMBINI
Nahan ang pasimuno
ng away na ito?

RASHIDDIN
Bunying Lakan, nariyan
ang ginoong inutas ko
'Pagkat inutas niya ang
kamag-anak ko.

GNG. KALIMUDDIN
Humihingi kami, Lakan,
ng katarungan.
Pinaslang ni Rashiddin ang aking
pinsan. Bawian siya ng buhay!

RASHIDDIN
Binawi ko lamang ang dapat
bawiin ng batas! (Ingay sa bawat panig.)

LAKAMBINI
KATAHIMIKAAAAAAAN!
Rashiddin, dahil sa iyong ginawa,
Agad-agad ka naming
itinatapon ngayon sa Dapitan.
(Luluhod si RASHIDDIN.)
Huwag nang manikluhod; lumayo
ka sa Semporna, Rashiddin.
Kapag nahuli ka rito,
ikaw ang mauutas!

Magsisilabasan ang lahat liban kay RASHIDDIN. Papasok si JAMILA mula sa ibang dako ng tanghalan. Hindi sila magkikita ni RASHIDDIN. Magkakalapit sila wari'y iniisip nila ang isa't isa.

JAMILA (Kumakanta.)
Kamay ni Rashiddin,
pumaslang . . .

KORO AT MGA MUSIKERO
(Kumakanta.)
Kaparusahaaaan!

RASHIDDIN (Kumakanta.)
Pagtatapooooooon!

JAMILA (Kumakanta.)
Pagtatapooooooon!

KORO AT MGA MUSIKERO
(Kumakanta.)
Pagtatapon!

Lalabas sina RASHIDDIN at JAMILA.

VIII
Ang Poot ni Rashiddin

Sa bahay ng Imam. Papasok ang IMAM. Susunod si RASHIDDIN.

RASHIDDIN
Pahirap, hindi habag.
Naririto ang langit
Sa piling ni Jamila. At
bawat aso at pusa,
Kahit munting daga at
sino pang hayop,
Namamahay sa langit,
maa'ri siyang masdan;
Samantalang si Rashiddin,
ipinapatapon kung saan.
Ay, Imam, ang mga isinumpa sa
impyerno'ng bumibigkas niyon!

Susubukan ni RASHIDDIN na patayin ang sarili. Aawatin siya ng IMAM.

IMAM
Pigilan ang kamay!
Ano? Papatayin ba'ang sarili?
At papatayin ang binibining
nabubuhay sa buhay mo?
Aba'y gumising, tao ka.
Buhay si Jamila
Na ibig mo sanang ikamatay
nang lubus-lubusan.
Mapalad ka. Ang batas na
magpaparusa sana ng kamatayan,
Naging kaibigan sa hatol ng
pagpapatapon lamang.
Ngunit para kang taong
bastos at suplado,
Inaaksaya mo ang
kapalaran mo't pag-ibig.
Papatayin ba ang sarili?
Kunin mo ang sundang.
Mamatay alang-alang kay Jamila.

Matatanto ni RASHIDDIN ang kanyang pagkakamali at hihingi ng patawad sa IMAM.

RASHIDDIN
Imam, patawad.

IMAM
Puntahan ang iyong mutya.
Akyatin ang kanyang silid.
Paginhawain siya,
Ngunit huwag lumampas
sa taning na oras.

Inaakay ng IMAM, wari'y pupunta si RASHIDDIN sa bahay ni JAMILA. Magbibihis ang IMAM bilang TAGAPAGSALAYSAY.

IMAM
Bintana'y pagpanhik,
sinisinta'y nagyakap
Kasabay ng luhang sa
mata'y lagaslas,
Napapot ang sulit, halos
mangawasak
Ang kapuwa dibdib sa
lumbay naglapat.

IX
Pagpupulot-Gata ni Rashiddin at Jamila

Magsasayaw ng pagtatalik sina RASHIDDIN at JAMILA. Tututok ang liwanag sa magkasintahan, habang umaalingawngaw ang mga panambitan at pagluluksa mula sa MGA MUSIKERO. Bibigkasin ng magkasintahan ang mga sumusunod nang halos pakanta, halos pasalita, kaugoy ng malungkot na musika.

JAMILA
Pahirap.

RASHIDDIN
Hindi habag.

JAMILA
Ang langit

RASHIDDIN
Sa piling ni Jamila

JAMILA
Magkikita ba tayong muli?

RASHIDDIN
Walang alinlangan

JAMILA AT RASHIDDIN
Unang gabi't huling
halik, bago lumisan.

Magpapatuloy ang kanilang sayaw ng pagsinta. Magdidilim sa huling gabi ng kanilang pagsasama.

X
Paghimbing ni Jamila

Babalik ang liwanag. Magigising si RASHIDDIN, isusuot ang kanyang damit, hahagkan ang natutulog na si JAMILA saka aalis. Magigising si JAMILA at malalamang nakaalis na si RASHIDDIN.

JAMILA
Ay kapalaran, kapalaran!
Kung salawahan ka, ibalik
agad siya sa akin.

Maluluha si JAMILA. Papasok si GNG. KALIMUDDIN at ang DALAGANG KALIMUDDIN.

GNG. KALIMUDDIN
Maghihiganti tayo. Naku, huwag
kang mag-alala. (Pagkatapos
ng sandaling katahimikan.)
Anak ko, sa darating na Huwebes
Ang marangal at makisig
na binatang maginoo,
si Datu Pian-dao,
Sa pantan ng Imam ay
gagawin kang maligayang
kabiyak ng dibdib.

Magugulilat si JAMILA.

JAMILA
Butihin ina!
Ikakasal ako sa maginoong
hindi pa man nanliligaw?
Kung ikakasal din lang,
buti pang kay Rashiddin
Na iyong kinamumuhian,
huwag lang kay Pian-dao!

GNG. KALIMUDDIN
(Sasampalin si JAMILA.)
Magbigti ka, suwail na haliparot!
Ito'ng sasabihin ko:
Patungo sa pantan ng bahay
ng Imam sa Huwebes,
O huwag na huwag kang
haharap sa akin.
Huwag akong hamunin! (Lalabas.)

JAMILA (Umiiyak.)
Ang wikang magtaksil
sa asawang tunay,
Sa langit at lupa ang
handog ay suklam,
Sa akin ay lasong
walang makabagay,
Labis ikamatay,
salagimsim lamang!

Sa may lingid-lingid,
tanang namamasdan,
Walang tuwa kundi
pulos kapanglawan,
Marahil, wari ko,
sanhing kasalanan,
Sa Imam ikuhang
sangguni ang bagay.

Magpapalit and eksena sa bahay ng IMAM. Papasok ang IMAM, kakausapin siya ni JAMILA.

JAMILA
Sa bagong hilahil ay
bigyan ng tulong . . .
Ako'y pagkalooban ng
masidhing lason.

IMAM
Kahilingang huli ay mabigat,
Gaya ng may sumpang
sa liko uminlag,
Gayon ma'y bibigyan
ng paraang dapat,
Upang kayo'y ni Rashiddin,
sa sala'y maligtas.

’Pagkat hindi lason,
nasang ipagkaloob,
Sa linaw na sabi, sadyang
pampatulog. (Maglalabas ang IMAM ng isang botelya ng pampatulog.)
Sinuman sa lupang sanay
na manggamot,
Hindi sasabihing
buhay-makalagot.

Tatanggapin ni JAMILA ang botelya. Lalabas ang IMAM, at iinumin ni JAMILA ang pampatulog. Makakatulog nang mahimbing si JAMILA. Magpapalit ang eksena. Babalik uli sa silid ni JAMILA. Magpapalit ang liwanag upang ipakita ang paglipas ng panahon. Papasok ang DALAGANG KALIMUDDIN, aakaling patay na si JAMILA, at sisigaw ng tulong. Papasok sina GNG. KALIMUDDIN at PIANDAO, lalapit sila kay JAMILA, maniniwalang patay na siya at iiyak sa kalungkutan. Isang martsa ng patay, habang nananaghoy ang MGA MUSIKERO at KORO. Ilalabas si JAMILA.

DALAGANG KALIMUDDIN
Ah, Jamilaaaaa!
Kahambal-hambal ay nagapos
Hayo’t humagulgol
nang kalunos-lunos
Sakit sa pagpanaw
ng anak na irog
Sakit din naman ang
sugat na handog
Ah, Jamilaaaaa!

Lalabas ang KORO at MGA MUSIKERO. Papasok ang MANANAYAW upang kausapin ang mga manonood.

XI
Pag-uunsiyami sa Balak ng Imam

MANANAYAW
(Bilang TAGAPAGSALAYSAY.)
Sa buhay na ito’y
mayro’ng kamalasan
Gaya ng nangyari sa tao ng Imam.
Ang liham ng Imam,
’di na nakaabot,
Nang kanyang utusan,
matigok sa bugbog!

Isang tagpong walang-salita: Papasok ang IMAM, uutusan ang ALALAY na ipadala ang liham kay RASHIDDIN, at saka lalabas ng entablado. Sa kanyang paglalakbay, maaakit ang ALALAY sa isang MANANAYAW, itatapon ang sulat, at sasayawin ang MANANAYAW sa tugtog ng mga MUSIKERO. Sa kanilang pagsasayaw, natisod

ang MANANAYAW dala-dala
ang ALALAY na bumagsak
sa harap ng nakatihayang
MANANAYAW. Subok na kakalas
ang MANANAYAW sa katawan
ng ALALAY. Makikita ng isang
MUSIKERO ang dalawa, at
sa pag-akalang sinasaktan ng
ALALAY ang MANANAYAW,
agad hinila ng MUSIKERO ang
ALALAY at pinaalis. Iaangat ng
MUSIKERO ang MANANAYAW
at sabay silang sasayaw palabas.
Papalit ang eksena sa Dapitan.
Papasok si RASHIDDIN.

RASHIDDIN

Napanagimpan ko,
aking paraluman,
Natagpuan ako ng
malamig na bangkay
At pinupog ako ng halik sa labi,
At nabuhay ako nang
mistula'y hari—

Papasok ang MENSAHERONG
medyo bingi.

Mensahero!

MENSAHERO

Rashiddin!

RASHIDDIN

Kaibigan! Kumusta
ang paraluman ko?
Kumusta si Jamila?

MENSAHERO
(Magkakamali ng dinig.)

Cinderella?

RASHIDDIN

Jamila! (Katahimikan.)

MENSAHERO

Ah, Jamila! Nahihimlay na sa
libingan ng mga Kalimuddin
At kapisan ng mga anghel
ang kaluluwa niya.

Kakaripas si RASHIDDIN palibot
sa entablado, gulat at galit.

RASHIDDIN

Hinahamon ko kayong
bituin ng langiiit!
(Sa MENSAHERO.) Lalayag
ako ngayong gabi! Kumuha
ng kumpit!

MENSAHERO

Ano po? Pipit?

RASHIDDIN (Naiinis.)

Sundin ang utos ko! (Aalis ang
MENSAHERO. Titigilin ni RASHIDDIN.)
Wala bang sulat ang Imam?

MENSAHERO (Nagkamali ng dinig.)

Kinulam kamo?

RASHIDDIN

Liham! Liham! Mula sa Imam!

MENSAHERO

"Ah, liham mula sa Imam? Wala.

RASHIDDDIN
Layas na! Kumuha ka ng kumpit.

Iikot si RASHIDDIN sa entablado habang papalit ang eksena. Sa ilog. Nakasakay si RASHIDDIN, sumasagwan ng isang bangka. Nasa ilog din ang MAMBABARANG, nagsasagwan din sa isang bangka. Makikita ni RASHIDDIN ang MAMBABARANG.

RASHIDDIN
Mambabarang! Mambabarang!

MAMBABARANG
Sino'ng gumagawa ng ingay?

RASHIDDIN
Maliwanag na naghihikahos ka.
Heto'ng apatnapung
salapi. Akin na
Ang isang patak ng lason—

KORO AT MGA MUSIKERO
Lason!

RASHIDDIN
Yung mabilis na mabilis na
kakalat sa lahat ng ugat.

MAMBABARANG
May gamot akong
ganoon, ngunit dito'y
Kamatayan ang parusa sa
sinumang mangahas magtinda.

RASHIDDIN
Sa ganang karalitaang
wala nang pag-asa,
Natatakot pa bang mamatay?

MAMBABARANG
Karalitaan ko lang ang
sasang-ayon,
Hindi ang aking kalooban.

Maglalabas ng botelya ng lason, at iaabot ito kay RASHIDDIN kapalit ng salapi. Aalis ang MAMBABARANG.

RASHIDDIN
Halina, lason—

KORO AT MGA MUSIKERO
Lason!

RASHIDDIN
Samahan ako sa libingan ni Jamila.
Doon ipadama'ng lakas mo. (Lalabas.)

XII
Pagwawakas ng Sintahang Dalisay

Magpapalit ang tagpuan: Sa himlayan ng mga patay ng angkang Kalimuddin. Papasok ang mga kaluluwa nina BADAWI at TAUPAN kasama si JAMILA.

BADAWI AT TAUPAN
(Bilang mga kaluluwa.)

Rashiddi'y ang lason nang
kanyang makamtan,
Lakad na tinumpa ang
Sempornang bayan
Damit magbubukid,
balatkayong taglay
Baka kung mahuli,
tika'y masasayang.

Nakalagak ang bangkay ni JAMILA sa burulan sa tulong ng mga multo. Papasok si RASHIDDIN. Lalapitan niya si JAMILA at yayakapin ito.

RASHIDDIN

O Jamila, buhay niyaring
buhay!
Anhin ang hininga kung
ikaw nga'y patay,
Ano pang halaga,
niyaring katauhan
Sa sangmaliwanag kung
ikaw'y pumanaw.

Da'pwat ang ganda mo,
kung banayad, masdan,
Tila man ding buhay
na anyo at kulay,
Walang ibinago sa
bangis na taglay
Ng di-masansalang
manang kamatayan.

Pasalitang sasabihin, habang inilalabas sa bulsa ang bote ng lason.

Ikaw, lason, ang taglay
mong bagsik,
Iubos sa akin nang biglang
mapatid, (Iinumin ni RASHIDDIN ang lason, yayakapin si JAMILA at hahagkan.)
Ano'ng gandang palad,
Siping mo, Jamila,
buhay ko'y mautas!

Mahigpit na yayakapin ni RASHIDDIN si JAMILA, na siya namang gigising. Dali-dali siyang kakalas mula sa pagyakap. Babagsak si RASHIDDIN, at makikilala siya ni JAMILA. Kapuwa silang gulilat.

JAMILA

Rashiddin!

Yayakapin niya si RASHIDDIN. Si RASHIDDIN ay naghihingalo, saka titingin sa kanyang asawa nang may matinding pagsinta.

Di natanggap padala kong sulat
At aniya sa liham,
buong nalalaman,
Litis ang kunwaring
aking pagkamatay?

May panghihilahil na iiling si RASHIDDIN. Yayakapin siya ni JAMILA.

O sintang Rashidding
sa aki'y pumulas,
Kalong ka ng sinta at
kasuyong tapat,
Kung mauna ka man,
walang libang-oras,
Ako'y susunod ding sa
bangkay mo'y yakap.

RASHIDDIN (Hirap nang magwika.)
Sa iyo'y paalam nang
walang pagbabaling
Sa payapang-bayan at isip dalhin
Pagsinta mo't asang
hindi lilimutin,
Ako'y minsan-minsan,
iyong gunitain . . .

Lisan ka na liyaaaaaaag!

Mamamatay si RASHIDDIN. Unti-unting bibitawan ni JAMILA ang kanyang bangkay. Hahanapin niya ang botelya ng lason, at nang matagpua'y susubuking lumagok ng kahit isang patak. Ngunit ito'y said na. Padabog niya itong itatampol palayo.

JAMILA
Rashiddin
Wala ni isang patak para
sa Jamila mong ibig?
Sinarili mo nga'ng
mamatay sa sakit
Sa iyo'y pagdamay, di
mo na inisip?

May mga boses na maririnig sa labas. Lalapit si Jamila upang tiyakin kung sino, at mabilis na magpapasyang ibig niyang samahin si RASHIDDIN sa kabilang buhay. Maghahanap siya ng sandata at kukunin yaong kay RASHIDDIN, saka kakausapin ang panaga.

Ikaw, patalim, natanggulan
kong daing,
Kapagkakita na salamat ang hain,
Lalo kung madaling
idamay sa giliw.
Hayaan akong pumanaw!

Iaangat ni JAMILA ang sundang, at itatarak sa kanyang dibdib, saka hahandusay sa akap ni RASHIDDIN.

Rashiddin, yakapin.
Sa payapang-bayan,
kaluluwa'y darating!

Akma niyang hahagkan si RASHIDDIN, ngunit bago maipagdaop ang kanilang mga labi, siya'y makikitlan ng hininga. Katahimikan. Ingay ng mga tapak. Mula sa bungad ng himlayan, papasok ang KORO sa pamumuno ng IMAM. Mahahambal ang lahat sa nakatambad na trahedya. Pagkagulat, at luha mula sa lahat.

IMAM
Ni ampun tam ni Tuhan!
Kaawaan kami ng Maykapal!

Luluhuran nila ang patay na
magkasing, sa pamumuno ng
IMAM, na aawit sa Arabo,
humihingi ng patawad sa isa't isa.

IMAM (Pagpapatuloy. Pakanta.)
Bismilla
nirahman

Mamassa mualaman
saksi in Kiraman
Walkaini bingkis luha in piyangluksi
In baya din matangkis
Kan mairum mamanis
In tagnah kapagkita in baya simalta
Kan dayang sarang patah
yari niyo na kita mga tuwan
mga raying simay-simay naa
kamu matun kami lumabay
Umukab lawang langsay
Dumuwis ut kilay kan
malabang kabulay
Dayang ko yatun na atay mu
parayawa in bana yari na
Yari na in bana mu
Hi ungsod ko kaimu buhiun
patayun mu unlun baya-baya mu
Manuk-manuk simayang tapuh
pa sambulayang amu kiyasusahan
nakewin na hi raying

Wabbadu wassalam!

Lalamlam ang liwanag hanggang
karimlan, saka bubulas ulit,
papasok sina BADAWI at
TAUPAN at mag-iiwan ng
telang puti kina RASHIDDIN
at JAMILA. Kalaunan,
makikita nating babangon
ang magkasintahang nasawi,
isusuot ang telang puti, animo'y
pakpak, ngayo'y masayang
magkasama na. Didilim ang ilaw.

Wakas